

Para sa mga nabakunahan ng Moderna COVID-19 Vaccine (Takeda Pharmaceutical)

2021 Mayo 21


フィリピン語

Mga Pag-iingat Pagkatapos Mabakunahan ng COVID-19 Vaccine

Pagkatapos mabakunahan, umupo ng mga **15** minutos sa waiting area at pakiramdaman ang sarili ※.

Habang naghihintay, mag-suot ng mask, panatilihin ang distansya sa ibang tao, iwasan ang pakikipag-usap.

※Sa mga tao na nakaranas noon ng anaphylaxis o matinding allergic reaction, o kung sumama ang pakiramdam o nahimatay dahil sa pagkuha ng dugo, mangyaring maghintay ng mga 30 minutos.



■ Mga sintomas na maaaring lumitaw kaagad pagkatapos ng pagbabakuna

Anaphylaxis	• Ito ay isang matinding allergic reaction na maaaring mangyari ilang sandali lamang matapos na pumasok sa katawan ang isang pagkain o gamot. • Ang mga skin problems tulad ng pagpapantal, sintomas ng gastrointestinal tulad ng sakit sa tiyan at pagsusuka, at ang hindi makahinga ay nangyayari bigla. Kapag sinamahan ito ng pagbaba ng blood pressure o pagkawala ng malay (hindi tumugon sa tawag), ito ay tinatawag na 'anaphylactic shock'. • Bagaman ito ay bihira lamang, ang mga vaccination venues at mga institusyong medikal ay naghahanda ng mga gamot upang agad makatugon kung ang anaphylactic shock ay mangyari pagkatapos ng pagbabakuna.
Hinihimatay (Fainting/ Passing out)	• Ang tensyon at matinding sakit mula sa pagbabakuna ay maaaring maging sanhi ng pagkahilo at kung minsan ay pagkahimatay. • Isang reaksiyon sa katawan na maaaring mangyari sa kahit sinuman. Karaniwan, kung humiga at magpahinga, natural itong gagaling. • Umupo sa upuang may sandalan at pakiramdaman ang katawan upang maiwasan ang pagtumba

Pag-iingat sa araw na magpapa-bakuna

- Walang problema sa normal na aktibidad, ngunit iwasan ang sobrang ehersisyo at ang pag-inom ng alak.
- Panatilihing malinis ang injection area. Maaring maligo sa araw ng pagbabakuna, ngunit huwag kuskusin ang injected area.



■ Sintomas na maaaring lumitaw sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagbabakuna

Occurrence rate	Sintomas
50% pataas	Sakit sa injected area, pagkapagod, sakit ng ulo, sakit ng kalamnan o muscle pain
10-50%	Pananakit ng kasu-kasuan o joint pain, pangiginig, pagduduwal/ pagsusuka, pamamaga ng kulani (lymph), lagnat, pamamaga sa injected area, pamumula at pag-init ng area
1-10%	Sakit sa injected area, 7 araw pagkatapos ng vaccine (※)

(※)Sakit o pamamaga sa injected area, pamumula at pag-init ng balat

Mula sa Moderna Vaccine (Takeda Pharmaceutical), nakalakip na dokumento

- Maraming tao ang nakaramdam ng mga sintomas sa pangalawang araw kaysa sa araw ng bakuna.
- Karamihan sa mga sintomas na ito ay bubuti sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagbabakuna.
- Ang ilang mga sintomas, tulad ng pagkapagod, magkasamang pananakit ng kasu-kasuan/joint pain at lagnat, ay mas madalas na maranasan sa ikalawang pagbabakuna kaysa sa una.

ひと、暮らし、みらいのために

厚生労働省

Ministry of Health, Labor and Welfare

Sa araw ng Pagbabakuna

S mga ilang araw pagkatapos

◎Konsultasyon sa COVID-19 Vaccine

Kapag may abnormalidad sa katawan pagkatapos ng pagbabakuna	⇒ Mga Medical Institution o Family Doctor kung saan nagpabakuna, Mga Municipal at Prefectural na Tanggapan
General questions tungkol sa pagbabakuna	⇒ Mga Munisipyo

◎ Tungkol sa Pinsala sa Kalusugan at Relief System

Ang vaccine ay maaaring maging sanhi ng mga karamdaman o kapansanan. Bagaman napakabihira, mayroong relief (tulong) system para dito.

Kahit na ang COVID-19 Vaccine ay nagdudulot ng problema sa kalusugan, maaari kang makatanggap ng tulong (mga gastos sa medisina, mga disability Pension, atbp.) batay sa Vaccination Law ※.

Mangyaring kumunsulta sa munisipyo kung saan nakarehistro para sa mga pamamaraan na kinakailangan para sa aplikasyon.

※Kapag napag-alaman ng Ministry of Health, Labor and Welfare na ang problema sa kalusugan ay sanhi ng pagtanggap ng bakuna, ang munisipyo ay magbibigay ng mga benepisyo. Para sa sertipikasyon, ang Vaccination, Infectious Diseases, Medical, Legal Experts ay bubuo ng komite ng mga eksperto upang suriin ang sanhi o epekto.

Ang pagbabakuna ay 2 beses

●Para sa Nagpabakuna ng 1st Shot:

- Upang makuha ang buong benepisyo ng bakuna, kailangan gawin ang parehong bakuna nang dalawang beses sa regular na pagitan.
- Ang 2nd shot ay dapat gawin sa along madaling panahon, karaniwang 4 na linggo pagkatapos ng 1st shot.
- Para sa pagpapareserba ng 2nd shot, tignan ang impormasyon sa clinic/ospital, vaccination venue o munisipalidad kung saan natanggap ang 1st shot.
- Depende sa uri ng mga sintomas na lilitaw pagkatapos ng 1st shot, maaaring mas mabuti na hindi makatanggap ng 2nd shot. Kung mayroon kang anumang mga sintomas o pag-aalala pagkatapos ng 1st shot, mangyaring kumunsulta sa iyong family doctor o clinic/ospital kung dapat ba na makatanggap ng 2nd shot.



●Para sa Nagpabakuna ng 2nd Shot

- Ito ang ikahuling pagbabakuna.
- Pagkatapos ng bakuna, mangyaring mag-ingat kung mayroong anumang pagbabago sa iyong pisikal na kalagayan tulad rin noong unang pagbabakuna.

Kahit tapos ng matanggap ang mga bakuna, mangyaring magpatuloy na gumawa ng mga hakbang sa pag-iingat tulad ng pagsusuot ng mask.

Inaasahang magagawang maiwasan ng mga nabakunahan na magkaroon ng COVID-19 infections, ngunit hindi pa lubos na nauunawaan kung gaano nila maiiwasan ang mga impeksyon. Bilang karagdagan, sa yugto kung saan unti-unting isinasagawa ang pagbabakuna, hindi agad makatanggap ng bakuna ang maraming tao, at kapwa ang mga nakatanggap ng bakuna at ang mga hindi pa nakatanggap ng bakuna ay magkakasamang mamumuhay sa lipunan. Sa kadahilanang ito, hinihiling namin sa iyo na patuloy gumawa ng mga hakbang sa pag-iingat laban sa impeksiyon.

Partikular na pag-iwas sa "3 M's (Masikip, Mataong Lugar, Malapitang Pag-uusap)", magsuot ng mask, paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at gumamit ng alcohol sanitizer.

Karagdagang Impormasyon sa COVID-19 Vaccine I-check ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare.	厚労 コロナ ワクチン	Hanaping Salita
Kung hindi mo makita ang website, magtanong sa iyong lokal na munisipalidad.		